

- Kalusugan ng Pag-iisip
- Pag-abuso sa Droga o Alak
- Kalusugan at Kabutihan ng Katawan

Pomona Wellness Community



Nag-aalok ang Pomona Wellness Community (Komunidad para sa Kabutihan ng Katawan sa Pomona) ng lugar para sa mga miyembro ng komunidad upang magtipon, humanap ng mga mapagkukunan, o lumahok sa mga aktibidad para sa kabutihan ng katawan. Sa Wellness Community, may iba't ibang aktibidad tulad ng mga klase sa pisikal na aktibidad, mga mapagkukunan para sa nutrisyon at kalusugan, at iba pang mga pansuportang mapagkukunan.* Lahat ng aktibidad ay LIBRE at bukas sa komunidad.

May tatlong pangunahing larangan ng serbisyo sa Mga Wellness Community:

Healing and Trauma Prevention Center

Ang Healing and Trauma Prevention Center (Sentro para sa Pagpapagaling at Pag-iwas sa Trauma) sa Mga Wellness Community ay nag-aalok ng mga aktibidad at mapagkukunan para sa pagpapagaling at pag-iwas sa trauma para sa mga indibidwal at grupo. Kasama sa mga aktibidad ang mga pansuportang grupo, workshop sa pagpapagaling sa pamamagitan ng sining, klase, at mapagkukunang idinisenyo para sa mga lokal na komunidad.*

Naiuugnay ng mga kawani at dalubhasa sa kalusugan ng pag-iisip sa Mga Healing and Trauma Prevention Center ang mga bisita sa mga serbisyo at mapagkukunan.



(CORE) ng bukas-palad na kapaligiran kung saan makakapagtanong ang mga bisita tungkol sa Mga Karamdaman sa Pag-abuso sa Droga o Alak (kilala rin bilang adiksiyon) at maiuugnay sa mga serbisyo sa pag-iwas at paggamot kasama ang pagpapababa ng panganib, pag-iwas, at paggamot.

Mayroong mga kawani at tagapayo ukol sa pag-abuso sa droga o alak upang iugnay ang mga bisita sa mga mapagkukunan at serbisyo.

Nag-aalok ang Mga Sentro ng Connecting to Opportunities for Recovery and Engagement

Kalusugan at Kabutihan ng Katawan

Dagdag sa mga serbisyo sa klinika (tulad ng mga pagpapabakuna, pagsusuri ng tuberculosis, at pagsusuri at paggamot ng mga impeksiyong nakukuha sa pakikipagtalik) para sa mga walang insurance sa kalusugan o regular na tagapagkaloob ng serbisyo sa kalusugan, nag-aalok ang Wellness Community ng mga programa sa kalusugan at kabutihan ng katawan na may layuning iugnay ang mga residente at pagbutihin ang mga resulta sa kalusugan.

*Makipag-ugnayan sa amin para sa kalendaryo ng mga aktibidad

750 S. Park Ave. Pomona CA, 91766

(909) 802 2650

PomonaWC@ph.lacounty.gov

<http://publichealth.lacounty.gov/chs/PWC.htm>

In-Person Hours

TUE thru THU: 12PM–6PM

FRI: 9AM – 5PM

Phone Hours

TUE thru THU: 6PM – 8PM

SAT: 9AM – 5PM